Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee 7 years in a row!

COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS

# COMMITTEE HEARING REPORT
NO. BA PNOA-733-2024

Office of the Sangguniang Panlungsod Received 11 NOV 2024 Time: 2:37 pm

Subject: **REQUEST FOR APPROVAL OF BARANGAY RESOLUTION FROM BARANGAY P.F. ESPIRITU 5 ENTITLED: KAPASYAHAN BILANG 01, S. 2024 ENTITLED "KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY SA TUNTUNIN NG MGA PATAKARAN (INTERNAL RULES) NG SANGGUNIANG BARANGAY." (PNOA-733-2024 dated November 04, 2024)**

Barangay P.F. Espiritu 5 has submitted *Kapasyahan Bilang 01, S. 2024*, entitled *"Kapasyahang Nagpapatibay sa Tuntunin ng mga Patakaran (Internal Rules) ng Sangguniang Barangay."* This resolution seeks formal recognition and approval of the internal rules that govern the operations and proceedings of the Sangguniang Barangay of Barangay P.F. Espiritu 5.

**FINDINGS:**

The key points in implementing this resolution were:

1. **Alignment with City Governance Standards:**

   - The internal rules proposed in the resolution is aligned with the standard governance practices encouraged by the Sangguniang Panlungsod. They reflect the city's commitment to orderly, transparent, and accountable governance at the barangay level.

2. **Enhanced Transparency and Accountability:**

   - Having established Internal Rules of Procedure makes it easier to ensure that the Sangguniang Barangay runs in a way that is open and honest to the public. By cultivating a culture of accountability, this enhances public trust in local government.

3. **Consistency in Barangay Proceedings:**

   - Codified rules will establish a consistent protocol for the conduct of barangay meetings, decision-making processes, and other administrative activities. This consistency can lead to more efficient governance, benefiting both barangay officials and constituents.



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

4. **Support for Effective Local Legislation:**

- The barangay can more successfully create and carry out resolutions, ordinances, and programs when it has a well-organized set of internal regulations. This framework helps the barangay deal with neighborhood problems in a responsible and proactive manner.

**RECOMMENDATION:**

The committee believes that passing this resolution is essential for the following reasons:

-this resolution will serve the best interest of both the barangay and the city, fostering a stronger foundation for responsible and organized local governance;

-this is expected to enhance administrative efficiency, and support local governance of Barangay P. F. Espiritu 5.

After thorough discussion and consideration, the members of Barangay Affairs Committee unanimously APPROVED Barangay Resolution No. 005 Series of 2024 and to recommend the **ISSUANCE OF NOTICE OF APPROVAL** to Barangay P. F. Espiritu 5.

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this ____ day of November 2024 at the City of Bacoor, Cavite.

**Committee on Barangay Affairs**

**COUN. RANDY C. FRANCISCO**
Chairman

**COUN. REYNALDO PALABRICA**
Vice Chairman

**COUN. LEVY M. TELA**
Member

**COUN. ROGELIO M. NOLASCO**
Member


SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

Republic of the Philippines
Province of Cavite
**CITY OF BACOOR**
**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee
7 years in a row!

## COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Janet Patog
Date: 11 ... 2024
Time: 2:33 pm.

## EXCERPT FROM THE MINUTES OF REGULAR SESSION

CBA-PNOA-733-2024

Subject: **REQUEST FOR APPROVAL OF "KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY SA TUNTUNIN NG MGA PATAKARAN (INTERNAL RULES) NG SANGGUNIANG BARANGAY." (PNOA-733-2024 dated November 04, 2024)**

The City Vice Mayor Hon. Rowena Bautista Mendiola presided over the 115th Regular Session which was held last November 04, 2024 at the Session Hall of the Sangguniang Panglungsod and was called to order at exactly 10:00 a.m.

Atty. Khalid Atega, Jr., Secretary of the Sangguniang Panlungsod proceeded with the roll call, the approval of the Journal and minutes of the 114th Regular Session, and the reading of the referrals to committees of proposed Ordinances, Resolutions, Messages, Communications, Petitions and Memorials.

The request for approval of "Kapasyahang Nagpapatibay Sa Tuntunin Ng Mga Patakaran (Internal Rules) Ng Sangguniang Barangay," will strengthen the legislative framework, promote good governance in accordance with city standards, this committee recommended the approval of *Kapasyahan Bilang 01, S. 2024* of Barangay P.F. Espiritu 5 before the Sangguniang Panlungsod members of Bacoor City.

City Councilor Honorable Simplicio G. Dominguez moved for the adjournment of the 115th Regular Session duly seconded by the majority of the members of the 5th Sangguniang Panlungsod. The regular session was adjourned at exactly 10:31 a.m.

Prepared:

**KIESHA NICOLE IGNACIO**
*Administrative Asst. I*

Attested:

**COUNCILOR RANDY C. FRANCISCO**
Chairman-Committee on Barangay Affairs



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Cavite
Lungsod ng Bacoor
**BARANGAY P.F. ESPIRITU 5**

HALAW SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NA GINANAP NOONG IKA - **05** NG PEBRERO, 2024, BARANGAY P.F. ESPIRITU 5.

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| **RAFAEL "RP" PATERNO III** | Punong Barangay |
| **MICHAEL A. ALMANZA** | Kagawad |
| **LEO S. DE JESUS** | Kagawad |
| **RAUL C. BALIBER** | Kagawad |
| **MARILYN B. MARGES** | Kagawad |
| **RODEL B. BARACENA** | Kagawad |
| **JOSE MARIE M. RAGUDO** | Kagawad |
| **WARREN B. MACATO** | Kagawad |
| **ALYSSA KIMBERLY V. DELA PEÑA** | SK Chairman |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
BY: RUTH
DATE: 10/30/24 TIME: 10:34
BACOOR CITY CAVITE

================================================================

**KAPASYAHAN BILANG 01, S. 2024**

**KAPASIYAHANG NAGPAPATIBAY SA TUNTUNIN NG MGA PATAKARAN (INTERNAL RULES) NG SANGGUNIANG BARANGAY**

**SAPAGKAT**, itinatadhana ng Seksyon 50 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal (Local Government Code) na ang kinauukulang Sanggunian ay magpapatibay ng kaniyang umiiral na tuntunin o pamamaraan;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon ng maayos na daloy ng talakayan sa pulong ng barangay ay nakasalalay sa pinagtibay na tuntunin ng mga patakaran;

**KAYA'T DAHIL DITO**

**PINAGPASYAHAN**, gaya ng ngayon ay pinagpasyahan ng Sangguniang Barangay na ang mga sumusunod na tuntunin ng patakaran ay pagtibayin at maging gabay sa mga pagpupulong ng Sanggunian:

**MGA TUNTUNIN NG PATAKARAN NG SANGGUNIAN**

**TUNTUNIN BLG. I**
**ANG MGA KASAPI**

***Seksyon 1.*** Ang mga kasapi ng Sanggunian ay manunungkulan sa araw at sa paraang itinakda ng batas, at mananatili sa tungkulin hanggang sa ang kahalili ay hindi pa napipili at naipapasyang kwalipikado. Sa araw at oras na itinakda ng ordinansa, magkikita sila sa isang pinagkasunduang lugar para sa pagdaraos ng mga pulong ng Sanggunian at magsasagawa ng mga bagay sa dapat harapin.

***Seksyon 2.*** Maaring parusahan ng Sanggunian ang kanyang mga kasapi dahil sa di-kanais-nais na gawi at pagliban sa loob ng apat na sunod-sunod na pagpupulong nang walang

makatwirang dahilan at dahil dito'y maaari silang sisihin, pangaralan o hindi isama sa lugar na pinagdarausan ng pulong, o sa pagsang-ayon ng dalawang-katlo ng mga kasapi ng Sanggunian, ay masuspindi o matanggal, lalo na kung ang kasapi ay nahatulan na ng pagkabilanggo nang isang taon man lamang sa anumang krimeng kinasangkutan ng kahiya-hiyang kasamaan at dahil doo'y awtomatikong matatanggal sa Sanggunian.

***Seksyon 3.*** Bawat kasapi ay dapat na dumalo sa bulwagang pagdarausan ng Sanggunian ng sesyon sa panahon ng mga pagpupulong maliban kung pinayagang lumiban o hindi talaga makadalo dahil sa sakit o sa iba pang di-maiiwasang pangyayari na naireport sa Sanggunian sa pamamagitan ng tagapangulo o ng kalihim. Ang pagliban ng walang sapat na kadahilanan ay mangangahulugan ng pagbawas sa tatanggaping honoraria para sa buwang nilibanan. Kalahati ng buwanang honoraria ang kabawasan para sa bawat pagliban.

***Seksyon 4.*** Bawat kasapi ay makikilahok sa pagsasagawa ng mga kapangyarihan at sa pagtupad sa mga tungkuling iniatang sa kanya ng Sanggunian bilang isang kabuuan at kakatawan sa mga tao sa buong barangay.

***Seksyon 5.*** Bawat kasaping dumalo sa pulong ay boboto sa lahat ng pagbobotohan maliban kung siya'y may tuwirang interes sa mga suliranin iniharap na may kinalaman sa pananalapi.

**TUNTUNIN BLG. II**
**ANG TAGAPANGULO**

***Seksyon 6.*** Ang Punong-Barangay ang magiging tagapangulo ng Sanggunian at, kaugnay niyon, ay magtataglay ng sumusunod na mga karapatan at tungkulin:

a. Mamuno sa mga pulong ng Sanggunian.

b. Magpanatili ng order at kaayusan sa panahon ng mga pulong at maghangad sa lahat ng dumalo ang kaukulang paggalang at kaayusan, maiwasan ang mga kaguluhan at makapag-utos na lisanin ng sinuman o ng mga taong nanggugulo, ang pinagdarausan ng sesyon.

c. Mapagpasyahan ang lahat ng mga suliraning nangangailangan ng mga desisyon at mga inihahabol o iniaapela ng sinumang kasapi.

d. Mapirmahan ang *draft* ng ordinansa at mga resolusyon na napagtibay ng Sanggunian, at lahat ng mga kautusan, mga hakbang sa paglilitis at *warrant* ng inilabas sa utos ng Sanggunian.

e. Magpahayag na itindig o ipagpaliban ang pulong sa ibang panahon at lugar kung may malubhang dahilan o malubhang pangangailangan.

***Seksyon 7.*** Ang tagapangulo ay tutulong sa pagpapabilis ng mga gawain ng Sanggunian at, dahil dito, mapapayagang magbigay ng maikling pananalita sa mga bagay na may kinalaman sa mga nabibimbing suliraning pagtatalunan nang hindi magpapahayag ng pagpanig o ng pagtutol sa nasabing suliranin.

***Seksyon 8.*** Bilang tagapangulo, ang Punong-Barangay ay makaboboto lamang para malutas ang patas na boto. Gayunman, hindi siya mapipilit na bumoto.

***Seksyon 9.*** Sa mga pagkakataong hindi makapamuno ang regular na tagapangulo sa pagpupulong ng Sanggunian, ang mga kasaping dumalo ay makabubuo ng korum at makapipili

sa kanila ng pansamantalang tagapangulo. Makapagpapatunay siya sa pagpapasya ng mga ordinansa at mga panukala sa loob ng sampung (10) araw mula ng magdaos ng pulong na kanyang pansamantalang pinanguluhan.

## TUNTUNIN BLG. III
## KALIHIM

***Seksyon 10.*** Kailangang may kalihim ang Sanggunian. Mag-oopisina siya sa gusaling pinagdarausan ng Sanggunian ng pulong o sa iba pang maginhawang lugar na maituturo ng Sanggunian. Bukod sa mga gawaing kalangkap ng kanyang posisyon, magiging tungkulin niya ang sumusunod:

a. Dumalo sa mga pulong ng Sanggunian at mag-iingat ng jornal ng mga pagpupulong.

b. Magtago ng *seal* ng pamahalaang lokal at itimbre ito kasama ng kanyang lagda sa lahat ng mga ordinansa, panukala, at iba pang hakbanging opisyal ng Sanggunian at iharap ito sa tagapangulo para sa lagda nito.

c. Magbigay sa Mayor ng mga kopya ng mga ordinansa at panukala na pinagpasyahan ng Sanggunian at napagtibay ng tagapangulo.

e. Magpadala sa Sangguniang Panglunsod, para marebyu, sa loob ng tatlong araw matapos maaprubahan, ng mga kopya ng mga naaprobahang mga ordinansa at mga panukala tungkol sa mga planong may kinalaman sa panlokal na pag-unlad at mga programa ng pangangapital (investment) na binuo ng mga konseho sa panlokal na pag-unlad.

e. Magbigay, sa kahilingan ng sinumang interesadong grupo, ng nasertipikahang mga kopya ng mga talang pambarangay na nasa kanyang pag-iingat , pagkapagbayad sa ingat-yaman ng anumang halagang itinakda ng ordinansa.

f. Magtala sa librong iniingatan ng lahat ng mga ordinansa at mga panukalang isinabatas o ginagamit ng Sanggunian, na nagtataglay ng mga petsa kung kailan pinagpasyahan at naipalimbag.

g. Mangasiwa sa kanyang opisina at hayaang bukas sa publiko ang mga record na hindi naman mga delikado sa mga oras ng pag-oopisina.

h. Maisalin agad-agad sa dayalektong ginagamit ng nakararaming mamamayan ang lahat ng mga ordinansa at mga panukala pagkatapos maaprubahan at magawang maipalimbag ang mga iyon kasama ang orihinal na bersyon sa paraang itinakda ng batas.

i. Mahawakan ang pamamahala sa mga lokal na arcayvs o sinupan at kung maari, maging ang aklatang lokal/GMAC at magbigay ng taunang report tungkol sa mga iyon.

j. Magpahatid ng mga opisyal na kopya ng mga inaprubahang ordinansa na may pahintulot ng batas sa Punong tagapangasiwa ng *Official Gazette* sa paraang itinakda ng batas.

k. Magampanan ang iba pang kapangyarihan at iba pang gawain at tungkuling isinaad ng batas o ordinansa na may kinalaman sa hinahawakang tungkulin.

***Seksyon 11.*** Kapag liban ang kalihim o mangyaring hindi makaganap ng mga tungkulin sanhi sa mga kadahilanang pisikal tulad ng pagbasa ng mga katitikan, resolusyon o panukala, ordinansa at iba pang dokumento o mahahalagang papeles, magagampanan iyon ng ibang tao na maitalaga para sa gawain iyon ng tagapangulo.

**TUNTUNIN BLG. IV**
**MGA KOMITE AT MGA REPORT NG KOMITE**

***Seksyon 12.*** Ang Sanggunian ay lilikha sa pamamagitan ng ordinansa, sa panahong hindi lalampas sa ikalawang pulong sa panimula ng bawat *term*, ng pamalagiang mga komite na kinabibilangan ng mga sumusunod:

a. *Committee on Peace and Order*

Tagapangulo : Kgg. Michael A. Almanza
Miyembro : Kgg. Raul C.Baliber

b. Committee on Social Services

Tagapangulo : Kgg. Leo S. De Jesus
Miyembro : Kgg.Marilyn B. Marges

c. Committee on Infrastructure / Appropriation

Tagapangulo : Kgg. Jose Marie M. Ragudo
Miyembro : Kgg. Michael A. Almanza

d. Committee on Cooperative, Livelihood, Transportation

Tagapangulo : Kgg. Warren B. Macato
Miyembro : Kgg. Rodel B. Baracena

e. Committee on Health and Sanitation

Tagapangulo : Kgg. Rodel B. Baracena
Miyembro : Kgg. Marilyn B. Marges

f. Committee on Environmental Protection and Sanitary

Tagapangulo : Kgg. Raul C. Baliber
Miyembro : Kgg. Warren B. Macato
: Kgg. Leo S. De Jesus

g. Committee on Trade and Industry/ Family and Women/ Senior Citizen and PWD

Tagapangulo : Kgg. Marilyn B. Marges
Miyembro : Kgg. Leo S. De Jesus

h. Committee on Youth and Sports / Education

Tagapangulo : Kgg. Alyssa Kimberly V. Dela Peña
Miyembro : Kgg. Jose Marie M. Ragudo

***Seksyon 13.*** Lahat ng komite ay bubuuin ng tagapangulo, pangalawang tagapangulo, at mga kasapi na ang bilang ay nasa pagpapasya ng Sanggunian. Ang pangulo ng Sangguniang kabataan magiging tagapangulo ng komite sa kabataan at pagpapaunlad ng isports.

***Seksyon 14.*** Ang tagapangulo ay hindi dapat maging kasapi ng anumang regular na komite ngunit maaaring mapili ng kapulungan na maging tagapangulo ng isang tanging komite na nilikha sa mga tanging tungkulin na hindi sumasaklaw sa paggawa ng mga patakaran.

***Seksyon 15.*** Ang mga kasapi ng Sanggunian ay hindi magiging tagapangulo o pangalawang tagapangulo ng higit sa dalawang regular na komite, gayundin ang maging kasapi ng hihigit sa tatlong regular na mga komite.

***Seksyon 16.*** Ang mga kasapi ng Sangguian ay hindi mahahalal sa anumang komite na sumasaklaw sa isang bagay na magbibigay sa nasabing kasapi ng tuwiran o pinansyal na interes.

***Seksyon 17.*** Magpupulong ang mga komite sa tawag ng kani-kanilang tagapangulo o ng mayorya ng mga kasapi at iyon ay kung may naipadalang pasabi sa bawat isang kasapi.

***Seksyon 18.*** Ang mayorya sa mga kasapi ng komite ay makabubuo na ng korum upang mag-usap. Ang pagliban ng walang paliwanag sa apat na magkakasunod na pagpupulong ng komite ay magiging dahilan para maalis siya sa komite.

***Seksyon 19.*** Kapag nagkaroon ng bakante sa komite, mapupunan iyon sa pamamagitan ng boto ng nakararaming kasapi ng mga miyembro ng Sanggunian.

***Seksyon 20.*** Alinmang komite ay makahihiling sa pamamagitan ng tagapangulo, ng pagdalo ng sinumang opisyal ng barangay na saklaw ng Sanggunian. Ang sinuman ay makadadalo sa pulong ng komite at sa anumang panahong maitatakda ng komite at makapaghaharap ng kanyang mga pananaw sa mga bagay na pinag-uusapan.

***Seksyon 21.*** Ang mga ordinansang nangangailangan ng direktang paggastos sa pondong pambayan, kung maayos na naireport ng komite na unang pinagsulitan ng tagapangulo, ay isasangguni sa komite ng mga gastusin o sa katumbas nito, para maaksiyunan ang sinasabi o ang bahagi ng isinasaad sa mungkahing panukala na may kinalaman sa paggastos sa pondong pambarangay.

***Seksyon 22.*** Lahat ng komite ay magrereport sa Sanggunian ng anumang bagay na iniharap sa kanila ng tagapangulo. Kapag ang panukala ay iniharap sa dalawa o iba pang mga regular na komite, ang kinauukulang komite ay maaaring maharap ng pinag-isa o magkahiwalay na report tungkol doon.

***Seksyon 23.*** Ang lahat ng komite report ay kailangang pormal na tatanggapin. Ang pagpapalagda lamang sa mga kasapi ng komite sa halip na gawin sa isang pulong na pormal ay ipinagbabawal.

***Seksyon 24.*** Ang isang kasapi ng komite, maliban kung nagbigay ng kanyang mga pagtutol sa report ng komite, o, sa halip niyon, ay nag-*file* sa kalihim sa kanyang boto ng di-pagsang-ayon bago maibigay ang report sa kapulungan sa bukas na pulong, ay ipalalagay na sang-ayon sa report at sa gayo'y hindi pahihintulutang tumutol dito sa pag-uusap na ginagawa sa bulwagan.

***Seksyon 25.*** Ang komite, na nagrereport ng isang mungkahing ordinansa, ay dapat magbigay ng kopya ng kanyang report at ng kopya ng mungkahing ordinansa sa komite sa mga



RAFAEL E. PANGRAO III

tuntunin, na siyang magtatakda ng ikalawang pagbasa sa mungkahing ordinansa. Ang bawat kasapi ng Sanggunian ay dapat ding mabigyan ng mga kopyang nasabi bilang paghahanda sa gagawing pag-uusap dito sa kapulungan.

***Seksyon 26.*** Ang komiteng hindi makapagbigay ng report kaugnay ng isang partikular na suliranin o sa anumang katulad na dahilan, ay mapapagpasyahan ng kapulungang huwag nang pag-usapan pa at maaaring, sa pamamagitan ng gayong mosyon, ay maibigay sa ibang komite o kaya'y iharap ang suliranin sa kapulungan para maisaayos ito.

***Seksyon 27.*** Ang mga tanging komite ay malilikha ng Sanggunian para sa mga tanging bagay at sa iba pang pagkakataong ito'y kakailanganin. Malalansag ito sa sandaling matanggap na ng kapulungan ang kanilang mga report maliban kung may mga bagong asaynment na ibinigay sa kanila. Sila'y umaalinsunod din sa mga tuntuning sinusunod ng mga regular na komite.

## TUNTUNIN BLG. V
## MGA PULONG

***Seksyon 28.*** Magdaraos ng mga regular na pulong ang Sanggunian ng dalawang beses sa isang buwan tuwing ika-unang Lunes at ikatlong Lunes sa Bulwagan ng Barangay (Barangay Hall) sa ganap na ika – 2:00 ng hapon.

***Seksyon 29.*** Maaring magdaos ng mga ispesyal na pulong kung iyon ay kakailanganin. Ang lokal na Punong tagapagpaganap o ang mayorya sa mga kasapi ng Sanggunian ay maaaring tumawag ng ispesyal na pulong sa pamamagitan ng pagpapadala ng patalastas tungkol dito at ihahatid nang personal sa bawat kasapi o mag-iwan ng kopya niyon sa mga kasambahay niya sa kanyang tirahan dalawampu't apat (24) na oras bago gawin ang ispesyal na pulong. Maliban kung pinagkasunduan ng dalawang-katlong boto ng mga dumalong kasapi, at sa gayon ay may korum na, wala nang iba pang bagay na isasaalang-alang sa pagkakaroon ng ispesyal na pulong maliban doon sa mga binanggit sa patalastas.

***Seksyon 30.*** Anumang pulong, regular o ispesyal, ay maaaring ipagpaliban o itindig sa bawat araw, kung kakailanganin dahil sa dami ng pag-uusapan, hanggang sa iyon at matapos. Walang dalawang miting, regular man o ispesyal, ang gagawin sa iisang araw.

***Seksyon 31.*** Ang mga pulong Sanggunian ay bukas sa publiko, maliban kung isang nakapinid-na-pulong ang napagkasunduan ng boto ng pagsang-ayon ng nakararami sa mga kasaping dumalo, at sapagkat may korum, at para sa kabutihan ng publiko at sa mga kadahilanang may kinalaman sa seguridad, kagandahang-asal o moralidad, o kung ang pag-uusapan ay tungkol sa mga *oppointment* na ibinigay dito ng Punong Barangay, o iba pang mga delikadong bagay.

## TUNTUNIN BLG. VI
## KORUM

***Seksyon 32.*** Ang nakararami sa mga kasapi ng Sanggunian na inihalal at kwalipikado ang bubuo ng korum para harapin ang mga opisyal na gawain.

***Seksyon 33.*** Kapag walang korum, ang tagapangulo ay makapagpapahayag ng rises hanggang sa magkaroon ng korum o ang mayorya ng mga dumalo ay magkakaroon ng pagtitindig ng pulong o pagpapaliban sa pana-panahon at padadaluhin kaagad ang sinumang kasaping lumiban nang walang mahalagang dahilan sa pamamagitan ng isang kasapi ng Sanggunian, na tutulungan ng isang kasapi o mga kasapi sa pulisya na nakatalaga

nasasaklawang yunit ng gobyernong lokal para arestuhin ang mga kasaping lumiban at iharap sila sa bulwagan pinagdarausan ng pulong.

*Seksyon 34.* Kung may magbibigay pansin sa walang korum, ang tagapangulo ay magsasagawa kaagad, wala nang debate o pagtatalo, ng pagtiyak sa pamamagitan ng pagbasa ng isa-isa sa mga pangalan ng mga kasapi at ipahahayag pagkatapos ang resulta.

*Seksyon 35.* Walang pulong na isususpinde o ipagpapaliban o ititindig, maliban kung sinabi ng Sanggunian; ngunit ang tagapangulo, sa kanyang sariling pasya, ay magpapahayag ng rises sa maikling pagitan o isususpinde o ipagpapaliban ang pulong kung may biglaang pangyayari o kung ang mga dumalo ay naging magulo at hindi mapatahimik.

## TUNTUNIN BLG. VII
## ORDER NG MGA GAWAIN

*Seksyon 36.* Ang order ng mga gawain ng Sanggunian ay ang sumusunod:

1. Pagtawag ng kaayusan
2. Panalangin
3. Pambansang Awit (maaaring wala/maaring meron)
4. Pagbasa ng mga pangalan ng mga kasapi(Roll Call)
5. Pagbasa at pagtanggap ng katitikan ng sinundang pulong.
6. Pagbasa at pagtukoy sa mga kinauukulang komite ng mga mungkahing ordinansa at mga resolusyon, petisyon, mga memorial, mosyon at iba pang komunikasyon.
7. Ulat ng komite
8. Nakatakdang pagpupulungan
    a. Hindi natapos na suliranin o gawain
    b. Mga bagong pag-uusapan
    c. Hindi nakatakdang pag-uusapaN
9. Mga patalastas
10. Pagtitindig ng pulong

*Seksyon 37.* Ang komite sa mga tuntunin ay magahahanda mga talaan ng pagpupulungan sa bawat miting at magsasabi sa kalihim na mabigyan ng kopya ang bawat isang kasapi ng Sanggunian tatlong (3) araw man lamang bago magkaroon ng regular na miting.

*Seksyon 38.* Ang talaan ng pagpupulungan ay dapat magtaglay ng maikling paglalarawan ng bawat aytem ng gawain na tatalakayin sa pagpupulong, nagsasaad ng pinagmulan, kung mga komunikasyon o sulat, *endorsement*, petisyon, memorial at mga memorandum; ang pangalan ng awtor, kung tungkol sa mga ordinansa, mga resolusyon at mga mosyon; at ang komite na pagpapadalhan.

***Seksyon 39.*** Ang mga report ng komite ay gagawin muna, ng mga regular na komite ayon sa mga pagkakatala sa mga Tuntunin ng Sanggunian, pagkatapos ay sa mga tanging komite, ayon sa pagkalikha sa kanila.

Ang report na naglalaman ng mga natuklasan at mga rekomendasyon ng mayorya ng mga komite, o kung hindi siya sumang-ayon sa opinyon ng nakararami, ay sa sinumang kaanib ng komite na sumasang-ayon at itinalaga sa gayong gawain. Kung ang rekomendasyon ay maganda, ang komite sa mga tuntunin ay magtatakda para sa ikalawang pagbasa at kung hindi'y ipalalagay iyong nakalagak sa mesa (laid on the table).

***Seksyon 40.*** Ang pag-uusap sa mga di natapos na gawain o suliranin ay ipagpapatuloy pagkatapos makapag-ulat ang mga komite at hanggang sa mga susunod pang pulong hanggang ang bawat isang suliraning di-natapos ay mapagpasiyahan na.

***Seksyon 41.*** ang pagpupulungan sa araw na nakatakda ay binubuo ng mga ordinansa, mga resolusyon at iba pang mga bagay na lehislatibo na nakatala sa kalendaryo para mapag-ukulan ng panahon ng Sanggunian at bawat isa ay tatalakayin ayon sa pagkakasunod-sunod niyon sa talaan ng mga gawain.

***Seksyon 42.*** Ang mga ordinansa, resolusyon, at iba pang bagay na lehislatibo na nakatakda para sa panghuling pagbasa ay isasaalang-alang ayon sa mga paraang sinasabi para sa mga iyon.

***Seksyon 43.*** Kaugnay ng mga mosyon na sumususpindi sa mga tuntunin, ang mga bagay-bagay sa pag-uusapan ay maaaring alisin sa kanilang kinabibilangang order o ayos at isasaalang-alang na ng kapulungan.

## TUNTUNIN BLG. VIII
## HAKBANG PARA SA MGA ORDINANSA, RESOLUSYON, AT IBA PANG MGA PANUKALANG LEHISLATIBO

***Seksyon 44.*** Ang mga aksiyong lehislatibo na may pangkalahatang o palagiang katangian ay maisasabatas sa anyo ng mga ordinansa, samantala yaong may pagkadi-pampamalagian ay maisasabatas sa pamamagitan ng mga gawaing panarili o pribado. Ang mga bagay na may kinalaman sa mga pag-aaring pribado ay maisasabatas din ng resolusyon.

***Seksyon 45.*** Ang bawat ordinansa o resolusyon na iniharap para isaalang-alang ay tatawaging "Draft Ordinance" at "Draft Resolution" at kapag aaprubahan ay makikilala bilang "Ordinansa ng Barangay" o "Resolusyon ng Barangay" , kung saan akma.

***Seksyon 46.*** Ang mga ordinansa at mga resolusyon ay maipapanukala sa pamamagitan ng pagsulat at dapat magtaglay ng nakatakdang bilang, titulo paliwanag (caption), ang pangalan ng awtor o mga awtor, ang parirala ng pagsasabatas at ang petsa ng pagkakabisa. Dapat iyong napipirmahan ng awtor o mga awtor at maibigay sa kalihim na siyang mag-uulat ng mga ito sa Sanggunian sa susunod na pagpupulong.

***Seksyon 47.*** Bago maisabatas ang ordinansa o resolusyon, daraan ito sa pagbasa, gaya ng sumusunod :

*Unang pagbasa*, na mangangahulugan ng pagbasa ng kalihim sa bilang at pamagat ng draft ordinance o resolusyon at ang pangalan ng awtor o mga awtor, pagkuwa'y ihaharap ng tagapangulo sa kinabibilangang komite nang walang pagtatalo;

*Ikalawang pagbasa*, at dito ang panukalang ordinansa o resolusyon, pagkatapos maisponsor sa kapulungan ng tagapangulo ng komite o ng sinumang kaanib sa komite na itinalaga para sa bagay na iyon, ay babasa sa kabuuan sa paraan ng pagkarekomenda ng komite o mga komite, at sa gayon ang panukala ay daraan muna, sa debate, pagkuwa'y, sa mga susog at sa iba pang mosyong parlamentaryo; at

*Pangatlong pagbasa*, at dito'y walang debate o pagsusog na pinahihintulutan, ngunit ang titulo ng panukalang ordinansa o resolusyon ay babasahin at ang suliraning ng pagbasa dito ang isasagawa agad

Isang resolusyon ang isasagawa sa paraang kailangan sa paggawa ng ordinansa ngunit hindi na iyon aabot pa sa pangatlong pagbasa para maisaalang-alang, maliban kung ito'y magiging isang ordinansa o kung ito'y tinitulan ng mga kasapi.

***Seksyon 48.*** Sa mga kaso ng maling pagbibigay ng isang panukala sa isang komite, maiwawasto ito sa susunod na pulong pagkatapos ng pagbasa sa katitikan na naglalaman ng maling pagkabigay, sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng kapulungan sa mosyon ng komite sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng kapulungan sa mosyon ng komite sa mga tuntunin o ng komite na umaangkin ng saklaw na ito o ng komite ng pinagkamalang bigyan niyon.

***Seksyon 49.*** Sa iminungkahing ordinansa o resolusyon, na nabuo sa pamamagitan ng pag-iisa o pagpapalit na ginawa ng isang komite, kikilalaning mg awtor ang bawat kaanib na lumagda sa iminungkahing mga ordinansa o resolusyong pinag-isa o pinalitan, sa pagkakaayos ng kanilang mga pangalan na ipinakikita roon at ayon sa petsa ng pagkakabigay.

***Seksyon 50.*** Walang ordinansa o resolusyon ang isasaalang-alang sa pangalawang pagbasa sa anumang miting na regular na hindi naireport muna sa tamang komite maliban sa mga inihanda at ipinakilala ng mga komite na may tamang hurisdiksyon o saklaw sa mga paksa niyon at maliban doon sa napagtibay ng Punong Barangay na kailangang-kailangan o *urgent*.

***Seksyon 51.*** Maghahanda ang kalihim ng mga kopya ng mga iminungkahing ordinansa o resolusyon sa ayos na katulad na napagpasyahan sa pangalawang pagbasa, at ipamamahagi sa bawat kaanib ng Sanggunian ng kopyang iyon tatlong araw lamang bago pagbotohan para sa panghuling pagpapasya maliban kung ang panukala ay pinatibayan ng Punong Barangay na kailangang-kailangan at sa gayon ay ihaharap na para sa panghuling botohan, agad-agad, pagkatapos ng pangalawang pagbasa.

***Seksyon 52.*** Ang mga mosyon ay maihaharap nang pasalita o pasulat at isasaalang-alang ayon sa mga tuntuning isinaad para sa mga ordinansa at mga resolusyon, kung ang alinmang mosyon, sa palagay ng kapulungan, ay maisasabatas kahit walang pagtukoy sa komiteng kinabilangan, at maisasaalang-alang kaagad para sa panghuling hakbang. Ang madaliang mosyon, kung makabuluhan, at iniharap ng pasalita, ay kung maaprubahan ay dapat isulat ng kalihim sa anyong resolusyon o anyong ordinansa, o kung alin ang anyong dapat.

***Seksyon 53.*** Ang mga boto ng pagsang-ayon ng mayorya ng lahat ng mga kasapi ng Sanggunian ay kailangan para sa pagkapatibay ng anumang ordinansa, resolusyon o mosyon na nag-uutos ng pagbabayad ng salapi o lumilikha ng pananagutan (*liability*). Ang iba pang panukala ay mangingibabaw sa pamamagitan ng boto ng mayorya o ng mga kasaping dumalo at nang pagboto sa alinmang pulong na tinawag at idinaos, sapagkat may korum.

***Seksyon 54.*** Ang *ayes* (Oo) at *nays* (hindi) ay kukunin at itatala sa pagkatibay ng lahat ng mga ordinansa, sa mga resolusyon at sa mga mosyon na nag-uutos sa pagbabayad ng salapi o lumilikha ng pananagutan, at, sa kahilingan ng sinumang kasapi sa anumang resolusyon o



RAFAEL V. PATERNO III

nasabing pulong: petsa, oras, at lugar ng pulong; mga pangalan ng mga kasaping dumalo at hindi dumalo; tumutukoy sa mga pagwawasto, kung mayroon; bawat ordinansa o resolusyon ay yaong buo; kung resolusyon o ordinansa ay hindi naaprubahan nang buong pagkakaisa, isang maikling pahayag ng opinyon ng minoriya; nominal na pagboto; lahat ng pangunahing mosyon, maliban sa mga iniurong; mga pansin sa paglabag sa kaayusan ng pulong at mga paghahabol, kung sinang-ayunan o natalo; at ang oras ng pagtitindig ng pulong.

***Seksyon 62.*** Ang orihinal na kopya ng mga katitikan ay nararapat na malagdaan ng mga kasapi ng Sanggunian na dumalo sa pulong, at nagpapakita kung sino ang bumoto ng pagsang-ayon at mga hindi pagsang-ayon para maaprubahan ang mga ito. Bawat kopya ng katitikan ay dapat na nalagdaan ng Tagapangulo at ang kalihim, na kung saan binasa ang mga iyon, at kung kinakailangan.

***Seksyon 63.*** Ang mga katitikan ng bawat pulong ang nararapat at sang-ayunan ang nakararaming miyembrong dumalo sa pulong kung saan binasa ang mga iyon, at kung kinakailangan, ay maiwasto ng gayon ding boto o ng pagsang-ayon ng marami. Ang pagbasa ng mga katitikan ay hindi dapat maabala o ihinto maliban kung pinahihintulutan ng marami, o ng pangkalahatang pagpahintulot ng kapulungan.

***Seksyon 64.*** Ang pagbasa ng mga katitikan ay hindi maipagwawalang –bahala ngunit maaaring maipagpaliban muna para sa huling oras o miting, at walang mosyong magsususog dito ang pakikinggan pagkatapos na ito'y mabasa at masang-ayunan.

## TUNTUNIN BLG. X
## MGA PAGTATALO AT KAGANDAHANG-ASAL

***Seksyon 65.*** Kapag hinangad ng sinumang kasapi na magbigay ng anumang pahayag sa Sanggunian, kailangan niyang tumayo at hilingin sa Tagapangulo na maibigay sa kanya ang bulwagan, at ang pahintulot na nasabi ay kailangan bago siya makapagpatuloy magsalita. Kapag may dalawa o higit pang kasapi ang magkakasabay ng tumayo, sasabihin ng tagapangulo kung sino ang mauunang magsalita, at maghahalihalili sa pagsasalita ang sumasang-ayon at ang hindi sang-ayon sa nasabing suliranin.

***Seksyon 66.*** Ang kasaping nabigyan ng karapatan sa bulwagan ay magbibigay ng kanyang mga pahayag sa Tagapangulo, hindi lumalayo sa paksang pinagtatalunan, iniiwasan ang pagtukoy sa mga personalidad, pagkilos at kikilos ayon sa wastong kagandahang-asal.

***Seksyon 67.*** Walang kasapi ng Sanggunian ang dapat gugugol ng mahigit sa tatlumpung minuto sa debate sa anumang suliranin sa isang pagpupulong ng walang pahintulot ang kapulungan.

Sa sandaling makapagsalita ang tatlo na sang-ayon at dalawa ang di-sang-ayon sa suliranin, o isa lamang talumpati ang nabigkas at wala para sa di-sang-ayon, ang mosyon upang ipinid ang debate ay nasa ayos. Kapag nasang-ayunan ang mosyon, ipagpapatuloy ng Sanggunian ang pagsasaalang-alang sa mga pagsusog sa suliranin. Ang mga sasabihin sa bawat susog ng sinumang kasapi ay hindi dapat lumampas sa limang minuto.

***Seksyon 68.*** Ang Sanggunian, sa botong dalawang katlo ng mga kasaping kaharap sa pulong, ay makapagsasara sa pagtatalo sa suliranin, sa sandaling magmosyon para sa naunang suliranin, at ipagpapatuloy ang pagboto sa pangunahing suliranin nang walang pagtatalo.

***Seksyon 69.*** Ang kasaping nag-uulat ng panukala mula sa komite o nagtatalumpati ng pag-iisponsor sa iminungkahing batas ay makapagbubukas at makapagsasara sa pagtatalo sa loob ng panahong ipinahintulot ng *Mga Alintuntunin ng Sanggunian* sa bawat kasapi.

***Seksyon 70.*** Kapag sa kanyang talumpati o pagkilos ay lumabag ang sinumang kasapi sa *Mga Alituntunin ng Sanggunian,* tatawagin siya ng Tagapangulo, sa sarili niyang kusa o sa kahilingang sinumang kasapi, para lumagay sa kaayusan at ang Sanggunian ay magpapasya, kung hinilingang magpasya, nang walang pagtatalo maliban sa maikling pahayag ng nag-apela, na nagpapaliwanag sa kanyang pag-aapela sa loob ng hindi hihigit sa limang minuto. Kung ang desisyon ay pabor sa kasaping natawag ang pansin para lumagay sa kaayusan, siya'y makapagpapatuloy na at hindi gagawin ang kabaligtaran niyon.

***Seksyon 71.*** Sa panahon ng pagpupulong ng Sanggunian, ang mga kasapi ay dapat umayos sa wastong kagandahang-asal. Dapat silang manatili sa kanilang mga upuan sa panahon ng pagbasa ng pangalan o kung ang boto ay isinasagawa at walang dadaan sa pagitan ng kasaping nagtatalumpati at ng Tagapangulo.

***Seksyon 72.*** Habang ang Tagapangulo ay nagtatalumpati sa Sanggunian, walang kasapi ang lalabas o tatawid sa bulwagang pinagdarausan ng sesyon.

***Seksyon 73.*** Walang sinuman, maging ang mga kasapi ng Sanggunian, ang pahihintulutang manigarilyo sa loob ng bulwagang pinagdarausan ng sesyon sa anumang oras.

**TUNTUNIN BLG. XI**
**ANG MGA BOTO AT ANG PAGBOTO**

***Seksyon 74.*** Ang pagboto sa Sanggunian ay magagawa sa pamamagitan ng pagtawag na isa-isa sa mga pangalan, pagtataas ng kamay, pagtayo, o sa pamamagitan ng pagbasa ng mga pangalan ng mga kasapi, maliban kung may ibang paraan na ipinatupad ng Sanggunian kaugnay ng isang partikular na suliranin. Sa pagkuha ng boto, inuunang kunin ang sa mga sumasang-ayon bago ang sa di-sumasang-ayon.

***Seksyon 75.*** Sa pagpapasya ng ordinansa o naunang proposisyon o panukala na lumilikha ng pagkakautang, kailangan ang pagboto ng pagsang-ayon ng mayorya ng lahat ng kasapi ng ng Sanggunian. Ang iba pang panukala, maliban kung may natatanging probisyon, ay aayon sa boto ng mayorya ng mga kasaping dumalo sa anumang pulong na itinawag at isinagawa.

***Seksyon 76.*** Talo ang anumang panukala o mosyon ng patas na boto maliban sa apela mula sa desisyon ng tagapangulo na ipalalagay na inayunan ng patas na boto.

***Seksyon 77.*** Upang mapagpasyahan sa pamamagitan ng boto ang isang suliranin, sinasabi ng tagapangulo: "ang mga sumasang-ayon sa (sasabihin ang suliranin) ay mangyayaring sumagot ng *Oo*" , at pagkatapos maipahayag ang boto ng sang-ayon, ay "Ang mga di-sang-ayon, mangyaring di-sumagot ng *Hindi*". Kung may alinlangan o duda ang tagapangulo sa kinalabasan ng boto kung kinakailangan ang dibisyon o paghahati, isasagawa ang paghahati ng kapulungan. Ang mga sang-ayon ay hihilinging magtaas ng kamay o tumindig mula sa pagkakaupo, at ang mga di-sang-ayon ay gayon din ang gagawin. Sa anumang paraan, ang tagapangulo ang magpapahayag ng kapasyahan.

***Seksyon 78.*** Ang botong *Oo* at *Hindi* ay kukunin at itatala sa mga katitikan pagkatapos maipasa o mapagpasyahan ang lahat ng mga ordinansa sa lahat ng mga panukalang lumulikha ng anumang pananagutan ng bayan, at sa iba pang panukala, kung hihilingin ng sinumang kasapi, at kahit pagkatapos na magawa ang dibisyon.

***Seksyon 79.*** Sa pagboto sa pamamagitan ng pasalita o nominal, tatawagin ng kalihim nang isa-isa ang mga pangalan ng kasapi ng Sanggunian sang-ayon sa ayos na alpabetikal, at sa

bawat pagtawag ng pangalan, sasabihin ng kasapi ang boto sa pamamagitan ng pagsasabi ng *Oo* at *Hindi*, kung alin ang pinili, o *"Di-boboto"* o *"Narito"*, kung hindi boboto. Maipapaliwanag ng kasapi ang ginawa niyang pagboto sa loob ng di-hihigit sa tatlong (3) minuto.

Pagkatapos matawag ang mga pangalan, sa pagbotong pasalista, tatawaging muli ng kalihim sa ayos-alpabetikal ang mga pangalan ng mga di-bumoto upang sila'y mapaboto. Pagkatapos ng ikalawang pagtatawag, wala nang kahilingang pagbibigyan ang Tagapangulo para magtala ng boto.

***Seksyon 80.*** Kapag napagpasyahan o napagtibay sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon ang isang ordinansa o anumang panukala kaugnay ng pagbabayad ng salapi o paglikha ng pananagutan o liabilidad ng bayan, ipapasok ng kalihim sa partikular na panahong nasabi at ito'y nangahulugang ang pagkaboto ay pasalita o nominal.

***Seksyon 81.*** Walang kasaping makaboboto sa suliranin kung siya o sinumang kasapi ng kanyang pamilya, saklaw ang ikatlong digri ng pagkakamag-anak dahil sa matrimonyo, na may tuwiran at personal na interes sa mga bagay na itong may kinalaman sa pananalapi. Gayunman, hindi naman nito pinipigil ang sinumang miyembro para bumoto sa sarili sa anumang mosyong napapaloob sa Sanggunian.

***Seksyon 82.*** Mababago lamang ng kasapi ang kanyang boto bago maipahayag ng Tagapangulo ang resulta ng botohan at kung ang kanyang pagboto ay makikilala sa paraan ng pagboto; pagkatapos noon, mababago ng kasapi ang kanyang boto sa pamamagitan lamang ng boto ng mayorya ng mga dumalong kasapi.

***Seksyon 83.*** Ang isang miyembrong dumating ng huli sa pagpupulong ay mapapayagang bumoto, kung ang resulta pagboto ay hindi naipahahayag ng Tagapangulo.

***Seksyon 84.*** Walang mosyon, maliban kung may korum, ang maisasaalang-alang sa panahon ng botohan.

**TUNTUNIN BLG. XII**
**MGA ALITUNTUNIN NG MGA MOSYON**

***Seksyon 85.*** Ang sumusunod na mga mosyon, ayon sa kanilang pagkakaayos (mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang antas), kasama ang iba pang mosyon na dito'y tinutukoy, ay gagamitin sa mga gawain ng Sanggunian:

a. *Magtakda ng oras ng pagtitindig ng pulong* [ Antas I ], upang maglaan ng panahon sa hinaharap para sa pagpapatuloy ng ginagawang pulong.

b. *Itindig ang pulong* [ Antas 2 ], para pormal na tapusin ang isinasagawang pulong.

c. *Mungkahing magrises* ( Take a recess ) [ Antas 3 ], upang maglaan ng maikling intermisyon sa panahon ng pulong.

d. *Suriianin ng pribilehiyo* ( Raise a question of privilege ) [Antas 4], upang matiyak ang pag-aksyon agad sa isang bagay na may kinalaman sa kaayusan, katiwasayan, kaginhawahan, kaluwagan, mga karapatan o mga pribilehiyo ng Sanggunian o ng sinumang mga kasapi nito.

e. *Huminging basahin ang talaan ng mga pag-uusapan sa araw na iyon,* (Call for orders of the day) [ Antas 5 ], upang maiharap sa kapulungan para

maisaalang-alang ang anumang gawaing nakatakda para sa isang partikular na panahon.

f. *Ilagak ang mosyon sa mesa* (Lay on the table) [ Antas 6 ], upang mapaisang-tabi ang nakabitin o hindi pa lutes na suliranin para maisaalang-alang sa isang -panahong hindi pa tiyak.

g. *Pagbotohan ang unang suliranin o mosyon,* (Call for the previous question) [ Antas 7 ], upang mapigil ang pag-uusap tungkol sa nakabimbing suliranin at nang mapagbotohan kaagad ito.

h. *Baguhin ang takda sa pagtatalo* (Modify the limits of debate) [Antas 8 ], upang maalis ang nakasaad pagbabawal na mapaikli o mapahintulutan ang mahabang oras para sa pag-uusap na nakabiting suliranin.

i. *Magpaliban nang may taning* (Postpone definitely) [Antas 9], upang maipagpaliban ang pagsasaalang-alang sa suliranin sa isang tiyak na panahon sa hinaharap.

j. *Itukoy sa isang komite o lupon* (Refer to committee) [Antas 10], upang maiharap ang suliranin o panukala sa isang komite o lupon para mapag-aralan mairekomenda.

k. *Magsusog* (Amend) [ Antas 11 ], upang mabago ang suliranin para higit na matatanggap ng kapulungan.

l. *Magpaliban ng walang katiyakan.* (Postpone indefinitely) [Antas 12], upang maipagpaliban nang walang katiyayakan ang pagsasaalang-alang sa suliranin.

m. *Punong mosyon* (Main motion) [Antas 13], upang maiharap sa kapulungan ang tunay na panukala para maisaalang-alang.

***Seksyon 86.*** Ang sumusunod na mosyon ay magtataglay ng antas ng isang Punong mosyon.

a. *Kunin sa mesa* (Take from the table), upang ipagpatuloy ang pagsasaalang-alang sa suliranin na dating nailagak sa mesa.

b. *Muling isaalang-alang* (Reconsider), nasa isang-tabi ang pagbotong unang ginawa para sa isang suliranin at mabuksan ito para sa bagong pag-uusap at pagboto.

c. *Isaalang-alang at ipasok sa katitikan* (Reconsider and have entered on the minutes), mapigil ang aksyon sa isang suliranin na pinagpasyahan ng pansamantalang mayorya.

d. *Pawalang-bisa* (Rescind or repeal), mapawalang-halaga at bisa ang unang suliraning ipinasa o pinagpasyahan.

e. *Kaltasin sa katitikan,* (Expunge), maipahayag ang matinding di-pagsang-ayon sa isang aksyong ginawa ng kapulungan at maipakaltas.

f. *Pagtibayin ang ulat* (Adopt a report), matanggap o masang-ayunan ang ulat o kapasyahan bilang opisyal na hakbang ng kapulungan.

***Seksyon 87.*** Ang sumusunod na mga mosyong hango sa mga pangyayari (incidental motions) ay walang kanyang bukod-bukod na antas ngunit mangunguna sa mga suliraning pinagbuhatan ng mga ito:

a. *Suspindihin ang mga tuntunin* (Suspend the rules) upang mapahintulutan ang kapulungan na makagawa ng hakbang na ipinagbabawal na gawin ng mga tuntunin o ng dati nang tinanggap ng mg autos ng Sanggunian.

b. *Pagbawi o pagbago ng isang mosyon* (Withdraw or modify a motion), upang maalis ang suliraning isinasaalang-alang ng kapulungan o mabago ito.

c. *Pagbasa ng mga papeles* (Read papers), mapahintulutan ang kasapi na mabasa ang papeles, dokumento o libro na bahagi ng kanyang talumpati o pahayag.

d. *Tumutol sa pagsaalang-alang sa isang suliranin* (Object to the consideration of a question), upang maiwasan ang pagsasaalang-alang sa suliraning ipinalalagay ng kapulungan na walang kaugnayan, palatutol, walang mapapakinabang at di-matatanggap ng kalahatan.

e. *Tumatawag ng pansin sa paglabag sa kaayusan ng pulong* (Point of order), matawag ang pansin sa isang kamalian sa pagsunod o pagpapatupad ng mga alituntunin ng patakarang parlamentaryo at ng sa Sanggunian.

f. *Tumawag ng pansin sa kailangang impormasyon* (Point of information), maipabatid ang anumang bagay na may kaugnayan sa nakabiting suliranin o sa Sanggunian.

g. *Nagpapahayag ng pag-uusisang parlamentaryo* (Parliamentary inquiry), upang makahingi ng impormasyon na may kaugnayan sa batas at mga alituntuning parlamentaryo.

h. *Paghahabol sa naging pasya ng Tagapangulo* (Appeal from the decision of the Chair), Humingi sa kapulungan na pagpasyahan kung ang pahayag ng Tagapangulo tungkol sa suliranin sa kaayusan at masasang-ayunan o mapawalang-bisa.

i. *Hatiin ang kapulungan* (Divide the assembly), maliwanagan ang mga boto kaugnay ng suliranin o matiyak ang higit na tamang bilang ng mga boto.

j. *Hatiin ang suliranin* (Divide the question), mahati ang mahaba at masalimuot o komplikadong panukala sa magkakahiwalay at mga tiyak na bahagi upang mapadali pagsasaalang-alang.

***Seksyon 88.*** Bawat mosyon na iniharap sa kapulungan ay ipahahayag ng Tagapangulo, o kung pasulat, ipapabasa iyon, nang malakas, ng Tagapangulo sa kalihim at iyon ay maipalalagay na ipinaalam na sa kabatiran ng kapulungan para maisaalang-alang.

***Seksyon 89.*** Ang mosyon na itindig o magrises ay nasa ayos kahit na walang korum ngunit hindi kung ang kapulungan ay nagsasagawa ng pagboto o sa panahon ng pag-alam sa boto. Kapag ang kapulungan ay nakaboto sa pagtitindig ngunit may mahahalaga pang patalastas na isasagawa, maipagpapaliban ng Tagapangulo ang pagtitindig ng pulong upang magawa ang patalastas.

***Seksyon 90.*** Ang mosyon ng pagtatakda ng oras ng pagtitindig ng pulong, pagririses, paghaharap ng suliranin ng pribilehiyo at pagbasa ng talaan ng pag-uusapan sa araw na iyon ay mga pribilehiyong mosyon at maihaharap batay sa kaayusan ng pagkakasunod-sunod, kahit na may iba pang mosyon o suliraning nakabimbim sa kapulungan. Ang mga mosyon sa paghaharap ng suliranin ng pribilehiyo at ang pagbasa ng talaan ng mga pag-uusapan sa araw na iyon ay magagawa kahit na may kasalukuyang nagsasalita sa bulwagan.

***Seksyon 91.*** Ang mga suliraning nakalagak sa mesa ay mapag-uusapan sa panahong hindi na aabot pa sa susunod na regular na sesyon; kung hindi, ang mga ito'y maipalalagay na napabayaan at maihaharap lamang na muli sa pamamagitan ng panibagong mosyon.

***Seksyon 92.*** Ang mosyon na tumatawag para pagbotohan ang naunang suliranin ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng dalawang-katlong boto ng mga kasaping dumalo, ngunit ang aksyon sa pangunahing suliranin na pinaglapatan nito ay matitiyak sa pamamagitan ng kinakailangang boto sa bawat kasong itinadhana ng *Mga Tuntunin ng Sanggunian.*

***Seksyon 93.*** Ang suliranin ay hindi maipagpapaliban nang lalampas pa sa susunod na regular na sesyon o isang tangi o naitindig na pulong maliban kung mga probisyong ginawa para sa pagdaraos ng nasabing pulong.

***Seksyon 94.*** Ang isang suliranin ay maipagpapaliban bilang isang pangkalahatang kautusan sa pamamagitan ng boto ng mayorya, o bilang isang tanging kautusan, ng dalawang-katlong boto, ng mga kasaping dumalo.

***Seksyon 95.*** Walang talaan ng mga pag-uusapan sa araw na iyon ang maisasaalang-alang bago dumating ang oras para rito maliban kung may pangkalahatang pahintulot ng dalawang-katlong boto ng mga dumalong kasapi sa pamamagitan ng pagsuspindi sa tuntunin na nagtatakda ng kanyang oras bilang pag-uusapan sa araw na iyon.

***Seksyon 96.*** Kung suliranin ay isinasaalang-alang, ang mosyon para magpasok ng pagbabago at ang mosyong mabago ang susog ay nasa kaayusan, at ang alinman sa sinabing mga susog ay maiuurong bago magawa ang desisyon.

***Seksyon 97.*** Walang mosyon sa isang paksang iba sa isinasaalang-alang ang maihaharap bilang anyo ng susog. Ang isang susog na umaayaw lamang sa isang proposisyong sumasang-ayon ay, gayunding, wala sa lugar.

***Seksyon 98.*** Sa sandaling susog ay tinanggap o tinaggihan, ang naglalaman ng gayon ding susog ay hindi na maipapasok sa pulong na iyon maliban kung ang boto sa orhinal na susog ay muling isinaalang-alang o kaya'y iniurong ang mosyon sa pagsusog.

***Seksyon 99.*** Ang pagsusog sa pamagat ng ordinansa o resolusyon ay wala sa lugar o wala sa kaayusan hanggang hindi napapagtibay ang nilalaman o ang teksto niyon. Ang pagsususog sa pamagat ay pagpapasyahan nang walang debate.

***Seksyon 100.*** Kapag tinanggap o natalo ang ordinansa o anumang panukala, na napagpasyahan sa pamamagitan ng pasalita o pagtawag nang isa-isa sa mga pangalan, maaring ang sinumang kasaping bumoto, kasama ng mayorya, sa araw na iyon o sa susunod na pulong, ay magmungkahi ng pagsasaalang-alang, at ang gayong mosyon ay maipapauna sa iba pang mga suliranin, maliban sa mga mosyon para para magtakda ng oras ng pagtitindig, magtindig ng pulong o magkaroon ng rises. Ang mosyon para sa muling magsaalang-alang ay dapat mapagpasyahan ng boto ng mayorya ng mga dumalong kasapi kahit pa may kinakailangang dami ng boto para sa suliraning isinasaalang-alang.

***Seksyon 101.*** Ang mosyon para maipasok sa katitikan ang mosyon para magsaalang-alang sa suliranin ay dapat matawag bago dumating ang susunod na pulong, maliban kung ang mosyon ay ginawa sa huling araw ng sesyon at sa ganitong kalagayan maitatawag ito para maisaalang-alang sa araw na ito'y naimungkahi.

***Seksyon 102.*** Ang ordinansa, resolusyon o anumang suliranin ay mapawawalang-bisa o matatanggal sa anumang pulong na kasunod ng araw na pinagtanggapan dito sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng mga dumalong kasapi, na may patalastas kaugnay nito na ibinigay sa sinundang pulong o sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto ng mga kasaping dumalo, at hindi na kailangan ang patalastas. Ang mosyong magpawalang-bisa o magtanggal ay magagawa lamang kapag ang panahon para magsaalang-alang sa sinasalungat na suliranin ay lumampas na.

***Seksyon 103.*** Ang mga tuntunin kaugnay ng pag-uusapan, pamaraan ng pag-uusap, at iba pang pamalagiang tuntunin, maliban doon sa ipinatutupad ng batas, mga maaring isuspindi sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto ng mga kasaping dumalo, maliban kung ang nasabing pagsuspindi ay magkakabisa habang ang suliranin na naging sanhi ng pagkasuspindi ng tuntunin ay nananatiling nakabitin o di pa nalulutas.

***Seksyon 104.*** Ang pagsasaalang-alang sa suliranin ay maaaring tutulan ng dalawang-katlo ng mga kasaping dumalo ngunit ang mosyon ay hindi maaring magamit sa mga direktiba o kominikasyon mula sa higit na nakatataas na tagapangasiwa, sa mga report o ulat ng komite o lupon, at mga susog sa *Mga Tuntunin ng Sanggunian.*

***Seksyon 105.*** Ang apelasyon o paghahabol ay dapat magawa kaagad pagkatapos na nag desisyon na binibigyang apelasyon ay nagawa; kapag may pumagitnang anumang gawain, magiging wala ito sa order o wala sa kaayusan. Iyon ay mapagtatalunan, maliban kung iyon ay nauugnay sa kawalan ng kagandahang-asal, pagkauna ng gawain, paglabag sa mga tuntunin ng pagsasalit, o kung iyon ay lumitaw sa isang suliraning di-kailangang pagtalunan. Kung ang suliranin ay mapagtatalunan, ang sinumang kasapi ay makapagsasalitang minsan sa apelasyon, ngunit ang tagapangulo ay makapagsasalita ng makalawa; una, sa pagpapaliwanag ng kanyang desisyon; at, pagkatapos, ay sa pagsagot sa mga argumento laban sa kanyang naging desisyon.

***Seksyon 106.*** Ang pagtawag para sa paghahati ng kapulungan ay dapat magawa kaagad pagkatapos maipahayag ang resulta ng boto, kahit na may kasalukuyang nagsasalita ngunit bago maipahayag ng Tagapangulo ang iba pang mosyon.

***Seksyon 107.*** Ang mosyon ng pagbasa sa alinmang bahagi ng *Mga Tuntunin ng Sanggunian* ay katumbas ng pagtawag sa kaayusan at dapat magkaroon ng karapatan sa pangunguna na maibibigay dito.

***Seksyon 108.*** Ang mosyon ay maaring iurong o mabago bilang karapatan bago iyon maipahayag ng Tagapangulo. Kapag ang kahilingan ay ginawa pagkatapos maipahayag ng Tagapangulo ang mosyon, maiuurong lamang iyon sa pamamagitan ng pangkalahatang pagpapahintulot, o, kung walang pagtutol, at sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng mga akasaping dumalo.

***Seksyon 109.*** Walang mosyon, na hindi napagtibay, ang mapapahintulutan sa pagpupulong ding iyon maliban kung may mahalagang pagbabago sa proposisyon o panukala. Ang mga mosyon para maitakda ang oras ng pagtitindig ng pulong, mabasa ang talaan ng mga pag-uusap sa araw ng iyon, pinid na nominasyon o mga presinto o lugar na botohan, pagtakda sa tagal ng debate, paglagak sa mesa, pagpapaliban nang may taning o walang taning, magpasya o magsangguni, pagbotohan na ang unang suliranin, magrises, at kunin sa mesa, ay mababago pagkatapos na maiba ang sitwasyon parlamentaryo sa panahon ng pulong.



RAFAEL V. PATERNO III

***Seksyon 110.*** Ang lahat ng mosyon na may kaugnayan sa mga nominasyon at pagboto, na ginawa habang ang suliranin o ang eleksiyon ay nabibimbin, ay mga mosyong incidental o nauugnay. Kapag ang mga iyon ay ginawa sa ibang oras, maituturing iyong mga pangunahing mosyon.

**TUNTUNIN BLG. XIII**
**MGA GAWAING DI-NATAPOS SA PAGWAWAKAS NG SESYON**

***Seksyon 111.*** Ang lahat na mga gawaing nasa Sanggunian at nasa kanilang mga lupon sa pagtatapos ng sesyon ay dapat ipagpatuloy sa pagsisismula ng susunod na sesyon.

***Seksyon 112.*** Ang mga naiwang gawain at hindi napapagpasyahan sa pagwawakas ng isang Sanggunian ay maisasaalang-alang ng susunod na Sanggunian bilang mga bagay na di-natapos.

***Seksyon 113.*** Para sa kapakanan ng sinundang seksyon, ibabalik ng kalihim sa mga kinauukulang lupon sa pagtatapos ng sesyon o pagwawakas ng Sanggunian, ang mga papeles na may kaugnayan sa mga di-natapos na gawain at ang mga papeles na naipadala o naibalik sa kanya.

**TUNTUNIN BLG. XIV**
**MGA PAPELES AT MGA DOKUMENTO**

***Seksyon 114.*** Dahil sa tinapos ng mga lupon ang mga gawain, ang lahat ng mga dokumento at mga papeles na kaugnay ng mga nasabing gawain ay ibibigay sa kalihim na siya namang magtatago ng mga iyon sa *file* ng mga papeles sa opisina ng Sanggunian.

***Seksyon 115.*** Sa pagtitindig ng huling sesyon ng isang Sanggunian, ang lahat ng papeles na nasa kamay pa ng alinmang lupon ay ibibigay sa kalihim na magtatago ng mga iyon sa file ng mga papeles ng Sanggunian nang ayon sa katangian ng mga nasabing papeles.

***Seksyon 116.*** Ang kalihim ay magbibigay, sa kahilingan ng sinumang tao, ng nasertipikahang kopya ng anumang rekord na nasa kanyang pag-iingat at may kapangyarihang sumingil ng bayad para sa nasabing layunin, ayon sa batas.

**TUNTUNIN BLG. XV**
**KASUOTAN, AKSYONG PANGDISIPLINA AT KAPARUSAHAN**

***Seksyon 117.*** Kasuotan

1) Ang lahat ng miyembro ng Sanggunian ay kailangan may akmang kasuotan kapag dumadalo sa mga pagpupulong.

2) Ang lahat ng miyembro ng Komite ay kailangan ding nasa akmang kasuotan tuwing may pulong ang komiteng kanilang kinabibilangan.

***Seksyon 118.*** Aksyong Pangdisiplina

1. Ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng bulwagang pulungan.
2. Ipinagbabawal ang pagdalo ng pulong kapag nasa impluwensya ng alak o nakainom ng inuming nakalalasing
3. Ang paggamit ng celfone ay may nakatakdang panuntunan. Ang lahat ay pinapayuhan na ilagay sa silent mode o kaya ay patayin ang celfone habang nagpupulong upang di makagambala sa daloy ng pagpupulong.



RAFAEL W. PATEÑO III

***Seksyon 119.*** **Kaparusahan.** Ang sinumang miyembro ng sanggunian na lumabag sa mga alituntuning ito at mapapatawn ng mga sumusunod na kaparusahan gaya ng mga sumusunod:

| PAGLABAG | KAPARUSAHAN |
|---|---|
| 1. Para sa di kanais-nais na gawi o paguugali kung may sesyon, pagdidig ng komite o pulong ng komite. | Unang paglabag – pagsasabihan<br>ikalawang paglabag – pagbabawal upang makalahok sa sesyon kung saan ang paglabag ay ginawa, pagtatanggal bilang kaanib sa komite o kaya ay pagsuspinde |
| 2. Pagliban sa regular na sesyon | Multa na nagkakahalaga ng P 500.00 |
| 3. Pagliban sa araw ng duty | Pagbawas ng 1/4 ng tinatanggap na buwanang honoraryum |
| 4. Pagliban sa espesyal na sesyon | Multa na nagkakahalaga ng P 500.00 |
| 5. Pagliban sa pagdinig ng komite | Multa na nagkakahalaga ng P 500.00 |
| 6. Pagliban ng walang sapat na dahilan ng apat (4) na sunod sunod na sesyon | Pagbawas ng kalahati ng tinatanggap na buwanang honorarium sa bawat pagliban at pagsasampa ng kasong administratibo sa bisa ng Artikulo 124 (6), IRR ng RA 7160 |
| 7. Pagdating ng huli sa anumang uri ng sesyon sa bawat oras na nahuli o bahagi nito | Multa di bababa sa P100 at di lalampas sa P200 |
| 8. Nahatulan na ng pagkabilanggo nang isang taon man lamang sa anumang krimeng kinasangkutan ng kahiya-hiyang kasamaan | Awtomatikong pagkatanggal |
| 9. Pagtanggi ng walang katanggap-tanggap na dahilan sa pagganap ng mga nakaatang na Gawain sa kanya ng Sanggunian o Komite na kanyang kinabibilangan. | Labinlimang (15) araw na suspenyon. |
| 10. Di pagsusuot ng tamang kasuotan kung may sesyon o pulong. | Multang di bababa sa P100 at di lalampas sa P200. |
| 11. Paglabag sa iba pang nilalaman ng alituntuning ito. | Multang di bababa sa P100 at di lalampas sa P200. |

***Seksyon 120.*** Kinakailangan sa pagsasagawa ng kinauukulang hakbang. Ang parusang suspension at pagtatanggal ay kinakailangang may pagsangayon ang di bababa sa dalawang katlong (2/3) miyembro ng Sangguniang Barangay. Sa iba pang uri ng parusa ang boto ng mayorya ng miyembro ng Sangguniang Barangay ay sapat na.

***Seksyon 121.*** Pagsasagawa ng imbestigasyon. Ang kaukulang inbestigasyon ay dapat isagawa ng komiteng maatasan para dito kung kinakailangan. Ang kanilang rekomendasyon sanggayon sa ginawang imbestigasyon at dapat na isumite sa Sangguniang Barangay para sa pagpapatibay.

***Seksyon 122.*** **Pangongolekta ng multa at paggasta nito.** Ang multa para sa pagliban sa mga sesyon ay awtomatikong babawasin na sa honorarium at ilalahad na sa peyrol ng barangay.

Ang iba pang multa ay kokolektahin ng ingat-yaman ng barangay. Ang Sangguniang Barangay sa pamamagitan ng boto ng mayorya ang magdedesisyon kung paano gagastusin ang mga nalikom na multa.

**TUNTUNIN BLG. XVI**
**PAGBIMBIM NG MGA TUNTUNIN**

***Seksyon 123.*** Ang alinmang bahagi ng mga tuntuning ito, na hindi ipinag-uutos o hindi nababatay sa itinakda ng batas o sa anumang higit na mataas na batas, ay maaaring bimbinin o suspindihin ng pangkalahatang pagsang-ayon o sa pamamagitan ng dalawang-katlong botong mga dumalong kasapi, kung ang pagbimbin o pagsuspindi ng tuntunin ay para sa tanging layunin ng suliraning nakabimbin sa panahon na ang mosyon sa nasabing pagsuspindi ay ginawa.

***Seksyon 124.*** Sa kabila ng mga kondisyon binanggit sa sinumang seksyon, walang bahagi ng Tuntuning ito nang mabibimbin o masususpindi kung ang bisa nito ay pangalagaan ang mga kasaping lumiban o tiyakang maghayag ng boto ng isang kasapi.

**TUNTUNIN. XVII**
**MGA SUSOG SA MGA TUNTUNIN**

***Seksyon 125.*** Ang mga tuntuning ito ay maaaring mabigyan ng susog o mabago sa alinmang regular na pulong dalawang-katlong boto ng ng lahat ng mga kasapi ng Sanggunian, kung ang patalastas para sa gagawing susog ay naibigay sa alinmang pulong bago gawin ang pulong na magsasaalang-alang sa nasabing susog.

***Seksyon 126.*** Walang kondisyon sa mga Tuntuning ito na ipinag-uutos o nababatay sa itinakda ng batas o ng alinmang nakatataas na awtoridad ang mapapasukan ng susog o pagbabago.

**TUNTUNIN BLG. XVIII**
**PETSA NG PAGKAKABISA**

***Seksyon 127.*** Ang mga *Tuntuning* ito ay magkakabisa sa sandaling ang mga ito ay pagtibay.

Pinagtibay: Ika -05 ng Pebrero, 2024.

**Kgg. Michael A. Almanza**
Kagawad

**Kgg. Leo S. De Jesus**
Kagawad

**Kgg. Raul C. Baliber**
Kagawad

**Kgg. Marilyn B. Marges**
Kagawad

**Kgg. Rodel B. Baracena**
Kagawad

**Kgg. Jose Marie M. Ragudo**
Kagawad

**Kgg. Warren B. Macato**
Kagawad

**Kgg. Alyssa Kimberly V. Dela Peña**
SK Chairwoman

**Rachel S. Romanes**
Kalihim

**PATOTOO:**

**Kgg. RAFAEL V. PATERNO III**
**Punong Barangay**